

## Mga Pamantayan ng Pagtatrabaho sa Ontario

Ang mga Batas ng Pamantayan sa Pagtatrabaho, 2000 (ESA) ay nagprotektahan sa mga empleyado at nagtatakda ito ng pinakamababang mga pamantayan para sa karamihan ng mga lugar na pinagtatrabahuan sa Ontario.

Pinagbabawalan ang mga employer na parusahan ang mga empleyado sa anumang paraan dahil sa paggamit sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng ESA.

**FAIR AT  
WORK  
ONTARIO**

# Ano ang dapat mong/ninyong malaman

### Pinakamababang sahod

Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan na mabayaran ng hindi bababa sa pinakamababang sweldo. Para sa kasalukuyang mga rates, bisitahin ang:

[Ontario.ca/minimumwage](http://Ontario.ca/minimumwage).

### Mga oras ng pagtatrabaho at overtime

May mga pang arawan at lingguhang limitasyon sa mga oras ng pagtatrabaho, at mga panuntunan sa mga oras ng pagkain, oras ng pahinga, at overtime. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

[Ontario.ca/hoursofwork](http://Ontario.ca/hoursofwork) at [Ontario.ca/overtime](http://Ontario.ca/overtime).

### Mga pampublikong pista opisyal

Ang Ontario ay may ilang pampublikong mga pista opisyal bawat taon. Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan na lumiban sa mga araw na ito at mabayaran para sa pambublikong pista opisyal. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: [Ontario.ca/publicholidays](http://Ontario.ca/publicholidays).

### Panahon ng bakasyon at bayad dito

Karamihan sa mga empleyado ay nakakaipon ng panahon ng bakasyon pagkatapos ng bawat 12 buwan ng pagtatrabaho. Mayroong mga panuntunan sa halaga ng bayad sa bakasyon na kinikita ng isang empleyado. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: [Ontario.ca/vacation](http://Ontario.ca/vacation).

### Mga pagliban

Mayroong ilang pagliban na pinoprotektahan sa pagtatrabaho sa Ontario. Kabilang sa mga halimbawa ang pagliban dahil sa pagbubuntis, pagtupad sa mga obligasyon ng pagiging magulang at pagliban dahil tagapag-alaga ng pamilya. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: [Ontario.ca/ESAGuide](http://Ontario.ca/ESAGuide).

### Abiso sa pagpapaalis at kabayaran

Kadalasan, dapat magbigay ang mga employer ng paunang nakasulat na abiso kapag nagpapaalis sa trabaho at/o kabayaran sa pagpapaalis sa halip na abiso. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: [Ontario.ca/terminationofemployment](http://Ontario.ca/terminationofemployment).

### Iba pang mga karapatan sa trabaho, mga hindi kasama at mga espesyal na panuntunan

Mayroong iba pang karapatan, mga hindi kasama at mga espesyal na panuntunang hindi nakalista sa poster na ito, kabilang ang mga karapatan sa kabayaran para sa pagkawala ng trabaho at mga espesyal na panuntunan para sa mga empleyadong itinalaga ng mga ahensiya ng pansamantalang tulong.



Mag-subscribe upang hindi mapalampas ang mga pinakabagong balita na makakaapekto sa iyo at sa iyong pinagtatrabahuan: [Ontario.ca/labournews](http://Ontario.ca/labournews)

Matuto pa tungkol sa iyong mga karapatan sa:

[Ontario.ca/employmentstandards](http://Ontario.ca/employmentstandards)

1-800-531-5551 o TTY 1-866-567-8893

 @ONlabour  @OntarioMinistryofLabour